

Mga Payo para sa Mga Pamilya:

Pagpapalaki ng mga Anak para Magsalita ng Mahigit sa Isang Wika

Maraming paraan para tulungan ang isang bata na matuto ng mahigit sa isang wika. Palaging gawin ang iyong makakaya para sa iyong pamilya!

Mga Payo para sa Mga Magulang

Tiyaking palaging naririnig ng mga bata ang kanilang wika sa tahanan, nang maaga hangga't maari.

Bakit? Ang utak ng bata ay handang matuto ng mga wika pagkapanganak sa kanya.

Kung nagsasalita ka ng dalawang wika sa tahanan, madalas na magsalita sa bawat wika.

Bakit? Pinakamaganda para matuto ng wika kung sabay na maririnig ng bata ang parehong wika. Dapat subukan at gumugol ang mga magulang ng kahit 30% ng oras sa pagsasalita ng pangalawang wika.

Tiyaking naririnig ng mga bata ang mga salita sa tunay na buhay – huwag dumepende sa mga screen.

Bakit? Ang pinakamabuting paraan para sa mga bata na matuto ng wika ay sa pamamagitan ng pagrinig sa mga tao sa paligid nila na kumakausap sa kanila, at sa bawat isa. **Mas maganda:** Kapag nagbabasa at nagkukuwento ang mga magulang o tagapag-alaga nang nasa kanilang wika sa tahanan, mas marami at iba't ibang mga uri ng salita ang naririnig ng mga bata.

Mga praktikal na ideya

Isang matanda, isang wika: Ang isang matanda sa pamilya ay maaaring magsalita ng isang wika habang ang isa pang matanda ay magsasalita ng isa pang wika. Sa ganitong paraan, maririnig ng bata ang parehong wika araw-araw.

Isang matanda, parehong wika: Ang isang matanda sa pamilya ay maaaring magsalita ng halo ng parehong wika. **Payo:** Mas magandang paghaluin ang mga wika sa mga pangungusap (halimbawa: "Tingnan mo doon, may aso! Un chien!") sa halip na sa pagitan ng mga pangungusap ("Tingnan mo doon, un chien! May aso!").

Subukan ang parehong ideya. Bakit? Maraming paraan para tulungan ang isang bata na matuto ng mahigit sa isang wika. Ayos lang na gamitin ang parehong ideya na nakalista sa itaas.

Sumali sa mga aktibidad kung saan maririnig ng iyong anak sa labas ng tahanan ang kanilang wika sa tahanan. Makipag-usap sa mga lolo at lola o iba pang mga kamag-anak. Pumunta sa mga lokal na kaganapan sa komunidad (tulad ng mga libreng programa ng aklatan, mga kultural na pista at marami pa). Makipag-ugnayan sa ibang tao na nagsasalita ng parehong wika (halimbawa, isang babysitter na nagsasalita ng Punjabi; mga piano lesson mula sa guro sa French; soccer coach na nagsasalita ng Mandarin). **Bakit?** Mas madalas na maririnig ng bata ang wika na sinasalita ng ibang tao, mas matutulungan siya nitong matutunan ito.

Mga Karaniwang Tanong:

Pagpapalaki ng Anak nang Nagsasalita ng Mahigit sa Isang Wika

Tanong

Sagot

Bakit dapat magsalita ang aking anak ng wika maliban sa Ingles o French?

Maaaring maraming benepisyo sa pagsasalita ng mahigit sa isang wika! Kasama rito ang mga benepisyo sa kakayahang mag-isip o umunawa, pangpropesyonal, kultural at personal.



Hindi kami nagsasalita ng Ingles o French sa bahay. Ibig sabihin ba nito mahihirapan ang aking anak na matuto ng Ingles o French sa paaralan?

Hindi. Ang mahalaga ay maraming salita ang maririnig ng iyong anak sa bahay, sa anumang wika, mula pa sa pagkapanganak. Kapag alam na alam ng bata ang kanyang wika sa tahanan, tinutulungan siya nitong maunawaan kung paano at bakit nakikipag-usap at gumagamit ng wika. Tinutulungan sila nitong makuha nang medyo mabilis ang wika sa kanilang paaralan, lalo na dahil madalas niya itong maririnig at maraming tiyansang magsanay sa paaralan.



Nagsasalita kami ng dalawang wika sa bahay. Ibig sabihin ba nito mas kaunting salita ang malalaman ng aking anak kaysa sa ibang bata kapag nagsimula silang pumasok?

Hindi. Ang mga batang nakakarinig ng mahigit sa isang wika sa tahanan ay madalas na maraming salita ang nalalaman gaya ng isang bata na isang wika lang ang naririnig sa bahay. Minsan mas marami pa silang alam na mga salita!
Narito ang halimbawa: Dalawang bata ang matalik na magkaibigan. Ang isa ay mula sa pamilyang nagsasalita ng Ingles at Farsi. Ang isa pa ay mula sa pamilyang nagsasalita ng Ingles lang. Kapag nagsimula silang pumasok sa paaralan, malalaman ng parehong bata ang halos parehong kabuuang dami ng mga salita. Ang tanging kaibahan lang ay nasa Ingles at Farsi ang mga salita ng isang bata, at ang mga salita ng isa pang bata ay nasa Ingles lahat. Kapag nagsimula silang pumasok sa paaralan, makakahabol sa Ingles ang batang nagsasalita pareho ng Farsi at Ingles dahil mas madalas niyang naririnig ang wika.



Kung nagsasalita kami ng mahigit sa isang wika sa aming mga anak, malilito ba sila at magkakaroon ng hindi mahusay na mga kakayahan sa wika?

Hindi. Ang mga batang naririnig ang mahigit sa isang wika ay mas mababa ang tiyansang magkaroon ng antala sa kanilang mga kakayahan sa wika kaysa sa mga batang nagsasalita lang ng isang wika. Magandang balita ito!

